Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG IKA-104 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 10TH SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG 26 HULYO 2021, IKA-11.00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gualberto V. Magno - Tagapangulo
Konsehal Ierwin S. Dimapilis
Konsehal David D. Dela Cruz
Konsehal John John S. Yason
Konsehal Robert S. Quiatchon
Konsehal Lucille T. Bacay
Konsehal Juan Rafael M. Talens
Konsehal Ronel S. Sescar
Konsehal Celso M. Dimapilis - Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo: Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Elmira May V. Tarac - Pangulo, SKMF

KAPASYAHAN BLG. 438
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG MALIGAYA AT TAUSPUSONG PAGBATI SA IGLESIA FILIPINA INDEPENDIENTE SA PAGDIRIWANG NG KANILANG IKA-119 TAONG ANIBERSARYO NG PAGKAKATATAG SA AGOSTO 3, 2021.

SAPAGKAT, ang pagdiriwang ng anibersaryo ng pagkakatatag ng Iglesia Filipina Independiente ay isang napakahalagang kaganapan para sa mga namumuno at miyembro dahilan upang ito ay muli na namang gunitain;

SAPAGKAT, sa mahabang panahon ipinakita ng Iglesia Filipina Independiente ang tunay na pagkakaisa, matibay na pananampalataya at masiglang pagpapalaganap ng mga aral at salita ng Diyos;

SAPAGKAT, ang Iglesia Filipina Independiente, sa mahabang panahon ay katuwang ng pamahalaan sa pagsulong ng mga adhikain na nakabatay sa mga itinatadhana ng Saligang Batas at mga programang nagtataguyod ng kapakanan ng mamamayan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan at ang mga namumuno sa pamahalaang bayan ng Roxas ay lubos na nakikiisa sa gaganaping pag-alaala sa natatanging araw ng Iglesia Filipina Independiente at umaasang ang pagpapala ng Panginoon ay lagi nilang makamit sa kanilang mga gawain at layunin.

GUALBERTO V. MAGNO FERDINAND V. TALENS, MPA

DAHIL DITO, sa pangunguna ni Konsehal Lucille T. Bacay at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang taospuso at maligayang pagbati sa Iglesia Filipina Independiente sa pagdiriwang ng kanilang anibersaryo ng pagkakatatag sa Agosto 3, 2021.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Iglesia Filipina Independiente ng Roxas, Oriental Mindoro para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay : 26 Hulyo 2021

PINATITIBAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan

mecg/07262021

* Handed by Iniborrig & Aglipay 08.02.2021